9

# Araling Panlipunan 9

## Activity Sheet

## Quarter 2 - MELC 4 – Week 7

# IBA'T-IBANG ESTRAKTURA NG PAMILIHAN



REGION VI – WESTERN VISAYAS

Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan 9**
**Learning Activty Sheet 1**
**Unang Edisyon, 2020**

Inilimbag sa Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon 6- Kanlurang Visayas
Duran St., Iloilo City

Isinasaad ng **ng Batas Pambansa Bilang 8293**, **Seksiyon 176 na** “Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng gawain kung ito’y pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.”

Ang **Araling Panlipunan 9 Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay inilimbag upang magamit ng mga Paaralan sa Rehiyon 6 - Kanlurang Visayas.

Walang bahagi ng aklat na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang porma nang walang pahintulot sa Kagawaran ng Eduklasyon, Rehiyon 6- Kanlurang Visayas.

**Mga Bumuo ng Araling Panlipunan 9 Learning Activity Sheet**

**Manunulat:** Irene L. Mijares, Meah A. Bajande

**Tagasuri:** Jancen L. Dence, Elnor Mae M. Barasbaras, Melissa L. Prudente, Alicia A. Olid

**Tagaguhit:** Jerome Jordan Z. Ponsica

**Tagalapat:** Eldiardo E. de la Peña, Antonio O. Rebutada

**Division of Escalante City Management Team:**

Clarissa G. Zamora, CESO VI
Ermi V. Miranda, PhD
Ivy Joy A. Torres, PhD
Jason R. Alpay
Alicia A. Olid

**Regional Management Team:**

Ma. Gemma M. Ledesma, CESO V
Josilyn S. Solana , PhD
Elena P. Gonzaga, PhD
Mr. Donald T. Genine
Mary Hazel Vivien P. Pineda, PhD

**MABUHAY!**

Ang **Araling Panlipunan 9 Learning Acivity Sheets** na ito ay nabuo sa pamamagitan ng sama-samang pagtutulungan ng Sangay ng Lungsod ng Bacolod sa pakikipagtulungan ng Kagawaran ng Edukasyon, Rehiyon 6- Kanlurang Visayas at sa pakikipag-ugnayan ng Curriculum and Learning Management Division. Inihanda ito upang maging gabay ng learning facilitator, na matulungan ang ating mga mag-aaral na makamtan ang mga inaasahang kompetensi na inilaan ng Kurikulum ng K to 12.

Layunin ng LAS na ito na gabayan ang mga mag-aaral na mapagtagumpayan nilang masagot ang mga nakahanay na mga gawain ayon sa kani-kanilang kakayahan at laang oras. Ito ay naglalayon ding makalinang ng isang buo at ganap na Araling Panlipunan na may kapaki-pakinabang na literasi habang isinasaalang-alang ang kani-kanilang pangangailangan at sitwasyon.

**Para sa mga learning facilitator:**

Ang **Araling Panlipunan 9 Learning Acivity Sheet** na ito ay binuo upang matugunan ang pangangailangan ng ating mga mag-aaral sa larang ng edukasyon, na patuloy ang kanilang pagkatuto kahit na sila ay nasa kani-kanilang mga tahanan o saan mang bahagi ng learning center sa kanilang komunidad.

**Para sa mga mag-aaral:**

Ang **Araling Panlipunan 9 Learning Acitivity Sheet** na ito ay binuo upang matulungan ka, na mapatuloy ang iyong pagkatuto kahit wala ka ngayon sa iyong paaralan, pangunahing layunin ng LAS na ito na mabigyan ka ng makahulugan at makabuluhang mga gawain. Bilang aktibong mag-aaral, unawain nang mabuti ang mga panuto nga bawat gawain.

**Learning Activity Sheets (Quarter 2 – Week 7)**

Pangalan ng Mag-aaral: ____________________

Grado at Pangkat: ____________________

Petsa: ____________________

**GAWAING PAMPAGKATUTO SA ARALING PANLIPUNAN 9**


# IBA'T-IBANG ESTRAKTURA NG PAMILIHAN

## I. KASANAYANG PAMPAKATUTO AT KODA

- Nasusuri ang kahulugan ng pamilihan at iba't ibang estraktura ng pamilihan (Week 6-7 - AP9MYK-IIi-12)
  Layunin: Nasusuri ang estruktura ng pamilihan (pamilihang may ganap na kompetisyon at hindi ganap na kompetisyon)

## II. PANIMULA

Ang estruktura ng pamilihan ay tumutukoy sa balangkas na umiiral sa sistema ng merkado kung saan ipinapakita ang ugnayan ng konsyumer at prodyuser. Ito ay nahahati sa dalawang pangunahing balangkas----ang pamilihan na may ganap na kompetisyon (Perfectly Competitive Market (PCM)) at ang pamilihang hindi ganap ang kompetisyon (Imperfectly Competitive Market (ICM)). Ang mga ito ay teoretikal na balangkas ng pamilihan. Ang dami at lawak ng kontrol ng *market players* o ang mga konsyumer at prodyuser sa pamilihan ay ang salik na nagtatakda ng estruktura nito.




**Pamilihang May Ganap na Kompetisyon**

- Ito ang estruktura ng pamilihan na kinikilala bilang modelo o ideal.
- Sa ilalim ng ganitong sistema, walang sinoman sa prodyuser at konsyumer ang maaaring makakontrol sa takbo ng pamilihan partikular sa presyo. Ito ay nangangahulugang hindi kayang idikta nang isang prodyuser at konsyumer ng mag-isa ang presyo.

| **Prodyuser (*Producer)*** | **Konsymer (*Consumer)*** |
|---|---|
| • malayang makagagawa at makapagbebenta ang isang prodyuser sa pamilihan<br>• hindi kayang kontrolin ang pamilihan sapagkat maraming nagtitinda ng magkakaparehong uri ng produkto at serbisyo<br>• malayang makapasok at makalabas sa pamilihan<br>• produkto ay may mataas na kalidad aT tamang presyo upang tangkilin ng mga konsyumer.<br>• mapipilitang magbenta ng produkto at serbisyo sa itinakdang presyo ng ekwilibriyo ng pamilihan | • malaya kung bibili o hindi bibili ng mga produkto at serbisyo<br>• may pamimilian kung saan at kanino bibili ng isang partikular na produkto o serbisyo.<br>• walang sinoman ang may kakayahang idikta ang presyo dahil lubha rin silang napakaliit kumpara sa buong bilang ng maaaring bumili ng produkto o serbisyo<br>• mapipilitang bumili ng produkto at serbisyo sa itinakdang presyo ng ekwilibriyo ng pamilihan |

Ayon kay Paul Krugman at Robin Wells sa kanilang aklat na Economics 2nd Edition (2009), ang pamilihang may ganap na kompetisyon ay may sumusunod na katangian:

- ✓ **Maraming maliliit na konsyumer at prodyuser**
- ✓ **Magkakatulad ang produkto (Homogenous)**
- ✓ **Malayang paggalaw ng sangkap ng produksiyon**
- ✓ **Malayang pagpasok at paglabas sa industriya**
- ✓ **Malaya ang Impormasyon ukol sa pamilihan**

**Pamilihang May Hindi Ganap na Kompetisyon**

- Estruktura ng pamilihan na wala ang anumang kondisyon o katangian na matatagpuan sa pamilihang may ganap na kompetisyon. Sa pangkalahatang paglalarawan, ang lahat ng prodyuser na bumubuo sa ganitong estruktura ay may kapangyarihang maimpluwensiyahan ang presyo sa pamilihan.

Ang sumusunod na anyo ang bumubuo sa pamilihang may hindi-ganap na kompetisyon.

1. **Monopolyo**

Ito ay ang uri ng pamilihan na iisa lamang ang prodyuser na gumagawa ng produkto o nagbibigay serbisyo kung kaya't walang pamalit o kahalili. Dahil dito, siya ay may kakayahang impluwensiyahan ang pagtatakda ng presyo sa pamilihan. Sa *natural monopoly,* ang mga kompanya ay binibigyang karapatan na magkaloob ng serbisyo sa mga mamamayan. Ito ay dahil sa kaya nilang gawin ang mga produkto at serbisyo sa mas mababang gastos kaysa sa kumuha pa ng mas maraming kompanya.

Ang mga pangunahing katangian ng monopolyo ay ang sumusunod:

- **Iisa ang nagtitinda**
- **Produkto na walang kapalit**
- **Kakayahang hadlangan ang kalaban**

Batay sa World Intellectual Property Organization:

- *Copyright* - uri ng intellectual property right na tumutukoy sa karapatang pagmamay-ari ng isang tao na maaaring kabilang ang mga akdang pampanitikan (literary works) o akdang pansining (artistic works). Kabilang din dito ang mga gawa gaya ng aklat, musika, *paintings*, iskultura, pelikula, *computer programs, databases*, *advertisements*, *maps*, at *technical drawings*.
- *Patent* – Ito ay ipinagkakaloob ng gobyerno sa isang imbentor upang mapagbawalan ang iba na gawin, gamitin, ibenta, iangkat, at iluwas ang imbensiyon niya kapalit ng pagsisiwalat sa publiko ng mga detalye ng kaniyang imbensiyon.
- *Trademark* - ang paglalagay ng mga simbolo o marka sa mga produkto at serbisyo na siyang nagsisilbing pagkakakilanlan ng kompanyang may gawa o nagmamay-ari nito.

2. **Monopsonyo**

Uri ng pamilihan na mayroong iisang mamimili ngunit maraming prodyuser ng produkto at serbisyo. Sa ganitong kalagayan, may kapangyarihan ang konsyumer na maimpluwensiyahan ang presyo sa pamilihan. Ang mabisang halimbawa ng ganitong anyo ng pamilihan ay ang pamahalaan na nag-iisang kumukuha ng serbisyo at nagpapasahod sa mga pulis, sundalo, bumbero, traffic enforcer, at iba pa.

3. **Oligopolyo**

Ito ay isang uri ng estruktura ng pamilihan na may maliit na bilang o iilan lamang na prodyuser ang nagbebenta ng magkakatulad o magkakaugnay na produkto at serbisyo. Sa ganitong uri ng pamilihan, may kakayahan ang prodyuser na maimpluwensiyahan o madiktahan ang presyo na umiiral sa pamilihan. Ilan sa mga halimbawa ng ganitong uri ng produkto sa pamilihan ay ang semento, bakal, ginto, at petrolyo. Maaari din nilang gawin ang mga sumusunod:

- *hoarding* - ang pagtatago ng produkto upang magkulang ang supply sa pamilihan na magdudulot ng pagtaas ng pangkalahatang presyo.
- *collusion* - sistema, maaring magkaroon ng pagkontrol o sabwatan ang mga negosyante.
- *kartel* - samahan ng mga oligopolista. Ito ang pagkakaroon ng alliances of enterprises. Hindi pinahihintulutan ang pagkakaroon ng kartel sa

ating bansa upang mabigyan ng proteksiyon at isulong ang kapakanan ng mga konsyumer ayon sa itinatakda ng *Consumers Act of the Philippines o Republic Act* 9374 na isinabatas noong Abril 23, 2011.

4. **Monopolistic Competition**

Sa ilalim ng ganitong uri ng estruktura ng pamilihan, maraming kalahok na prodyuser ang nagbebenta ng mga produkto sa pamilihan subalit marami rin ang mga konsyumer. Gayunpaman, may kapangyarihan pa rin sa pamilihan ang mga prodyuser na magtakda ng presyo ng kanilang mga produkto.

- *product differentiation* - ang katangian ng mga produkto na ipinagbibili ay magkakapareho ngunit hindi eksaktong magkakahawig. Halimbawa ng mga pagkakapareho ay maaaring sa uri ng produkto gaya ng sabong panlaba at pampaligo, toothpaste, pabango, fabric conditioner, cellphone, softdrinks, appliances, fastfood restaurant, serbisyo ng mga ospital, hair salon, beauty & cosmetics product, at marami pang iba. (Balitao, 2012) Sila ay nagkakaiba-iba sa packaging, labeling, presentasyon, at maging sa lasa o flavor. Ginagawa ito ng mga prodyuser sapagkat ang kanilang layunin sa product differentiation ay kumita at mas makilala ang kanilang mga produkto.
- *advertisement* o pag-aanunsiyo - isang mabisang pamamaraan na ginagamit ng mga prodyuser upang maipakilala ang kanilang mga produkto at serbisyo


## III. MGA SANGGUNIAN

Ekonomiks Araling Panlipunan Modyul par sa Mag-aaral pahina 202 hanggang 208
Learner’s Materials sa Ekonomiks YUNIT 2 pahina 180 – 191

## IV. MGA GAWAIN

**Gawain 1: Graphic Organizer**

Panuto: Buuin ang graphic organizer na matatagpuan sa ibaba batay sa isinasaad ng tekstong nabasa. Upang higit na maunawaan, sagutin ang mga pamprosesong tanong na susukat sa antas ng iyong kaalaman at pang-unawa.




**Mga Pamprosesong Tanong**

1. Ano ang dalawang pangunahing estruktura ng pamilihan?

2. Isa-isahin ang mga katangian ng bawat estruktura at uri ng pamilihan na nabibilang dito.

3. Paano nakaapekto ang mga estruktura ng pamilihang ito sa ugnayan ng presyo, prodyuser at konsyumer tungo sa pagtugon sa pang araw-araw na pangangailangan ng tao?

**Gawain 2: SURIIN MO! QUIZ-ON-MARKET**

**Panuto:** Suriin ang sumusunod na pahayag at tukuyin sa pamamagitan ng paglalapat ng titik sa mga kahon upang mabuo ang kasagutan. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Estruktura ng pamilihan na kung saan ang sinumang negosyante ay malayang pumasok at maging bahagi ng industriya.

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | A | | | P | | N | | | | |
| | | M | | E | | | | Y | | |

2. Isang sistema sa pamilihan na kung saan iisa ang nagtitinda ng walang kauring produkto.

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | N | | P | | L | | |

3. Estruktura ng pamilihan na kung saan umiiral ang sistemang monopolyo, oligopolyo, monopsonyo, at monopolistiko.

| | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | I | | | I | | | | N | | | | | |
| N | | | | | M | | | | | S | | | |

4. Sa estrukturang ito maaaring maganap ang sabwatan sa pamamagitan ng kartel ng mga negosyante.

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | I | | O | | | | | O |

5. Ang estruktura ng pamilihan na kung saan upang mahadlangan ang pagpasok ng kalaban sa industriya ay isinagawa ang patent at copyright sa mga produkto.

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | N | | P | | | | O |

6. Ang estruktura ng pamilihan na kung saan ang pinakamabisang halimbawa ay ang pamahalaan na siyang kumukuha ng mga serbisyo ng mga sundalo, pulis, bumbero, at iba pa.

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | O | | O | | S | | N | | O |

7. Ito ay kakikitaan ng sitwasyon na kung saan ang konsyumer ay bibilhin ang produkto o serbisyo kahit na mataas ang presyo sapagkat walang pamalit na maaaring bilhan o pagkunan nito.

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | N | | P | | L | | O |

**GAWAIN 3: STRUCTURAL MARKET TALLY BOARD**

Panuto: Mula sa konseptong nabasa mo, punan ng mahahalagang datos o impormasyon na hinhingi ang *structural market tally board.* Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| **Estruktura ng Pamilihan** | **May Hawak ng Kapangyarihan (Konsyumer o Prodyuser)** | **Katangian ng Presyo (Malaya o Itinatakda)** | **Mga Halimbawa ng Produkto o Kompanya** |
|---|---|---|---|
| Pamilihang may ganap na kompetisyon | 1 | 2 | 3 |
| Pamilihang hindi ganap ang kompetisyon | | | |
| 1 | 5 | 9 | 13 |
| 2 | 6 | 10 | 14 |
| 3 | 7 | 11 | 15 |
| 4 | 8 | 12 | 16 |


## V. REPLEKSIYON

Bilang mag-aaral, mahalaga ba para sa iyo ang paksang-araling ito? Bakit?

____________________________________________________________________________
____________________________________________________________________________
____________________________________________________________________________
____________________________________________________________________________
____________________________________________________________________________
____________________________________.

## VI. SUSI SA PAGWAWASTO

GAWAIN 1




GAWAIN 2

1. GANAP NA KOMPETISYON
2. MONOPOLYO
3. HINDI GANAP NA KOMPETISYON
4. OLIGOPOLYO
5. MONOPOLYO
6. MONOPSONYO
7. MONOPOLYO

GAWAIN 3

| Estruktura ng Pamilihan | May Hawak ng Kapangyarihan (Konsyumer o Prodyuser) | Katangian ng Presyo (Malaya o Itinatakda) | Mga Halimbawa ng Produkto o Kompanya |
|---|---|---|---|
| Pamilihang may ganap na kompetisyon | 1. Walang may hawak ng kapangyarihan | 10. Malaya | 15. Gulay at Prutas |
| Pamilihang hindi ganap ang kompetisyon | | | |
| 1. Monopolyo | 2. Prodyuser | 11. Itinatakda | 16. NONECO |
| 2. Monopsonyo | 3. Konsyumer | 12. Itinatakda | 17.AFP |
| 3. Oligopolyo | 4. Prodyuser | 13. Itinatakda | 18. Gasolina |
| 4. Monopolistic Competition | 5. Prodyuser | 14. Itinatakda | 19. Shampoo |